Pangalan: ______________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pagbasa ng Talambuhay, Talaarawan, at Teksto

I. **Panuto:** Isulat sa patlang ang T kung tama ang pahayag sa bawat bilang at kung mali naman, ibigay ang tamang sagot.

______1. Ang teksto ay tumutukoy sa anumang mga babasahing nagbibigay ng mga kaalaman, impormasyon, ideya, pananaw, saloobin, at iba pa.

______2. Parirala ang tawag sa lipon ng mga pangungusap.

______3. Hindi mahalagang makatawag-pansin ang pamagat ng isang teksto.

______4. Ang pamagat ay higit na mainam kung ito ay binubuo ng anim hanggang sampung salita.

______5. Ang paksang diwa ay tumutukoy sa kaisipang iniikutan ng teksto.

Para sa mga bilang 6–10, basahin ang teksto at sagutin ang kaugnay na mga tanong.

Ang pagmamahal at paglilingkod sa lupang tinubuan ay mga sangkap sa pagpapabuti ng kalagayan ng bansa. Ito ay nakatutulong upang lalong umunlad at lumago ang lahat ng mayroon dito. Ang pagkakaroon ng mabuting lider at mga mamamayang may respeto sa mga batas ay ilan lamang sa maaaring maging salik upang maisakatuparan ang anumang mithiin tungo sa kaunlaran nito. Higit sa lahat, ang paglalagay sa puso, sa isip, at gawa ng lahat ng ukol sa pagpapaganda ng bansa ay isang patunay ng pagmamahal dito.

6. Ano ang paksang diwa ng teksto?
   a. Sa puso, isip, at gawa
   b. Pagkakaroon ng mabuting lider
   c. Sangkap sa pagpapabuti ng bansa
   d. Pagmamahal at paglilingkod sa lupang tinubuan
7. Ano ang lantad na ideyang nakapaloob sa binasa?
   a. Mithiin sa kaunlaran
   b. Pagpapaganda ng bansa
   c. Mabuting lider ang kailangan
   d. Mahalin at paglingkuran ang bansa
8. Ano ang mga sangkap sa pagpapabuti ng bansa batay sa binasa?
   a. Pagmamahal at paglilingkod
   b. Pakikipagkapuwa at pagtulong
   c. Pakikiisa at pagkakawanggawa
   d. Pagpasok sa politika at paglilingkod
9. Ano ang angkop na pamagat para sa binasa?
   a. Susi sa Kaunlaran
   b. Sa Puso, Isip, at Gawa
   c. Pagmamahal sa Bansa
   d. Sangkap sa Pagpapabuti ng Bansa
10. Ano ang di-lantad na ideyang isinasaad ng teksto?
    a. May magagawa tayo sa pag-unlad ng bansa.
    b. Mahalaga ang respeto sa batas at mamamayan.
    c. Ilagay sa isip, sa puso, at sa gawa ang pagpapabuti ng bansa.
    d. Lahat ng ginagawa para sa bansa ay tanda ng pagmamahal para dito.

**II. Panuto:** Basahin ang mga talata. Tukuyin ang mahalagang ideyang nakapaloob dito at magbigay o bumuo ng angkop na pamagat para sa teksto.

Si Macli-ing Dulag ay isa sa mga iginagalang na nakatatanda sa etnikong Butbut sa baryo ng Bugnay sa kabundukan ng Cordillera. Isa siyang magiting, matalinong pangat (pinuno), at mandirigma ng komunidad na hindi nababayaran ni nasusuhulan. Higit pa sa isang lider ng tribo, siya ay may imahen ng pagkabayani hindi lang sa kanilang rehiyon o sa ating bansang Pilipinas. Nagsisilbi siya bilang gabay at liwanag sa pandaigdigang kilusang tagapagtanggol ng mga karapatan ng mga katutubo.

– Vicky Addatu

| | |
|---|---|
| Mahalagang Ideya o Paksang Diwa | |
| Angkop na Pamagat | |